

## **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-25 ng Mayo 2020**

### **ANONG BAGO NGAYONG ARAW**

#### **UPDATE MULA SA KEMH**

Ang lahat ng karagdagang batch ng pagsusuri na isinagawa ng KEMH ay lumabas na negatibo sa COVID-19.

Kung kamakailan lamang ikaw ay nakuhanan na ng swab sa KEMH, importante na ikaw ay maghintay na makarinig ng direkta mula sa ospital patungkol sa resulta ng iyong pagsusuri at magpatuloy na sundin ang kanilang abisong pangkalusugan habang naghihintay ng tawag.

#### **MGA PAGBABAGO SA ISOLATION**

Nagsagawa ng mga pagbabago ang KEMH sa mga pamantayan na nag-uutos sa mga miyembro ng pamilya na mag-isolate kung isa sa kanila ay hinihinalang may sintomas ng COVID-19.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards na ang siyensa patungkol sa virus ay patuloy na nagbabago, at ang dating temperatura na kahit na 37.8 degrees ay itinuturing na hudyat na kung saan ang isang tao ay posibleng nakakahawa sa ibang tao.

Gayunpaman, sinasabi na ngayon ng Public Health England na maaari itong maganap sa mas mababang temperatura.

Sinabi ni Dr Edwards, na ang ibig sabihin lamang nito ay mag-uutos ang KEMH sa isang sambahayan na mag-self isolate ngayon sa kahit na anong kaso ng sinumang may lagnat, anuman ang temperature nito. Ang parehong utos ay kasama rin kung may bagong tuluy-tuloy na pag-ubo bilang isang sintomas.

“Sa pagsasagawa ng mas maingat na gawain na ito, kung ang isang tao ay may COVID-19, inaasahan namin na ma-contain ang pagkalat nito sa mas mabilis at maingat na paraan. Ngayon ay mayroon na tayong pasilidad sa loob ng isla at mailalabas natin ang resulta ng swabs sa loob ng dalawampu’t apat (24) na oras, kaya ang mga taong walang sintomas na naka-isolate kasama ng isang may sakit na kapamilya ay hindi dapat ilayo ng matagalan mula sa trabaho o paaralan.”

Sinabi ni Dr Edwards na ang mahalagang gawain para sa publiko ay hindi nagbago – ang pagtawag sa KEMH sa numerong 28000 kung ikaw ay may sintomas na tulad ng sa trankaso. Aabisuhan ka ng medical staff kung ano ang mga susunod mong gagawin.

Alam naming na maraming tao na may sintomas ang nag-print ng mga poster – at ito ngayon ay babaguhin na.

Maaaring makuha ang pinakabagong bersyon sa web page na [fig.gov.fk/covid-19](http://fig.gov.fk/covid-19) at pumunta sa *General Information section* at i-download ang *Feeling Unwell* poster para i-print.

### **MGA PANUNTUNAN SA QUARANTINE**

Simula ika-8 ng Hunyo, ang simumang nag-nanais na pumunta ng UK ay sasailalim sa labing-apat (14) na araw ng panahon ng quarantine.

May mga pagbubukod na maaaring makita sa GOV.UK – i-search lang ang *Travelers Exempt From UK Border Rules*.

<https://www.gov.uk/government/publications/coronavirus-covid-19-travellers-exempt-from-uk-border-rules/coronavirus-covid-19-travellers-exempt-from-uk-border-rules>.

Halimbawa ng mga pagbubukod o exemption ay ang mga medical emergencies tulad ng pagbalik sa UK para sa isang medical appointment kung maisasagawa ito sa loob ng labing-apat (14) na araw.

Patuloy na pinag-aaralan ng Gobeyrno ng Falkland Islands ang mga hakbang ng UK at umaasa sa isang update sa katapusan ng linggong ito.

### **PAGPAPATULOY NG MGA PULONG NG KOMITE**

Inabiso ng Gilbert House na ang mga pagpupulong ng komite ay magpapatuloy muli simula ika-1 ng Hunyo.

Isasagawa ang mga ito sa Town Hall na may kasamang social distancing at iba pang mga pag-iingat para sa pampublikong pangkalusugan.

May limitasyon sa mga abilidad ng mga miyembo ng publiko na makadalo (pinakamataas sa sampu (10) sa bilang ng tao) at ang mga upuan na nakalagay ay may mahalagang espasyo mula sa isa't isa.

Para sa mga miyembro ng komite na nasa isolation o nasa Camp na hindi makadalo ng personal, may itinalagang conference number para lamang sa mga miyembro ng komite.

Para sa karagdagang impormasyon, makipagugnayan kay Cherie Clifford sa email na [clerkofassembly@sec.gov.fk](mailto:clerkofassembly@sec.gov.fk) o kay Imogen Didlick sa email na [paassembly@sec.gov.fk](mailto:paassembly@sec.gov.fk).